

[Tagalog]
Radio Public Service Announcements
Live Read Scripts

: 15 ----Kung ikaw ay may diabetes, kumilos ngayon upang bawasan ang panganib na atakehin ka sa puso o ma-stroke. Itanong sa iyong doktor kung paano mo maibababa ang asukal sa iyong dugo, ang presyon ng iyong dugo at ang iyong kolesterol. Tawagan ang Pambansang Programa sa Edukasyon Tungkol sa Diabetes sa 1-800-438-5383 para sa iba pang impormasyon.

: 30 ----Ang mga Asyano Amerikano at mga taga-Isla Pasipiko na may diabetes ay nasa malaking panganib na atakehin sa puso at ma-stroke. Pero puwedeng ikaw ang magpasiya ng mangyayari sa iyo. Itanong sa iyong doktor kung paano maibababa ang asukal sa iyong dugo, ang presyon ng iyong dugo at ang iyong kolesterol. Pamahalaan ang tatlong bagay na ito at mabuhay ng mas mahaba, mas malusog na buhay. Tumawag sa 1-800-438-5383 para sa iba pang impormasyon. Handog sa inyo ng **(name of local organization)** at ng Pambansang Programa sa Edukasyon Tungkol sa Diabetes.

: 15 ----Kung ikaw ay may diabetes, itanong sa iyong doktor ang tungkol sa pamamahala ng asukal sa iyong dugo, presyon ng iyong dugo, at iyong kolesterol – para sa mas malusog at mas mahabang buhay. Tawagan ang Pambansang Programa sa Edukasyon Tungkol sa Diabetes sa 1-800-438-5383 para sa iba pang impormasyon.

: 30 ----Kung ikaw ay may diabetes, alagaan ang iyong puso. Ang atake sa puso at stroke ay nanganguna sa pagpatay ng mga taong may diabetes, pero puwedeng ikaw ang magpasiya ng mangyayari sa iyo. Itanong sa iyong doktor kung paano mo pamamahalaan ang iyong presyon ng dugo at kolesterol, gayon din ang asukal sa iyong dugo, upang maiwasan ang atake sa puso at stroke. Upang makakuha ng iba pang kaalaman tungkol sa pamamahala ng iyong diabetes, tumawag sa 1-800-438-5383. Isang mensahe mula sa **(name of local organization)** at sa Pambansang Programa sa Edukasyon Tungkol sa Diabetes.